

Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka $\frac{\quad}{15}$

Mga Payak na Pangungusap

Panuto: Tukuyin kung ang simuno at panaguri ng bawat payak na pangungusap ay payak o tambalan. Sa patlang isulat ang titik **P** kung ang simuno o panaguri ay *payak* at **T** kung ito ay *tambalan*.

simuno panaguri

- | | | |
|-------|-------|---|
| _____ | _____ | 1. Kinain ng malaking agila ang ahas sa damo. |
| _____ | _____ | 2. Nagbisikleta patungo sa palaruan sina Helen at Kaye. |
| _____ | _____ | 3. Si Lisa ay naglaba ng mga damit at nagplantsa ng mga uniporme. |
| _____ | _____ | 4. Ang aso at pusa ay kumain ng mga tira at nagpahinga sa bakuran. |
| _____ | _____ | 5. Maghihilamos at magsisipilyo muna ang kuya ni Marie. |
| _____ | _____ | 6. Si Jeff at ang kanyang asawa ay nangangailangan ng bagong katulong. |
| _____ | _____ | 7. Si Ate Fe ay naghahanap ng trabaho sa siyudad. |
| _____ | _____ | 8. Ang kare-kare, sinigang, at adobo ay inihanda para sa mga panauhin. |
| _____ | _____ | 9. Sa bukirin itinanim at namunga ang mga puno ng niyog at mangga. |
| _____ | _____ | 10. Ang mag-anak ay kumain sa Jollibee at nanood ng sine. |
| _____ | _____ | 11. Nagsusulat ng sanaysay ang kamag-aral ko. |
| _____ | _____ | 12. Ang mga pulo ng Bohol, Cebu, at Siquijor ay kabilang sa mga lalawigan ng Gitnang Visayas. |
| _____ | _____ | 13. Ang mangingisda ay namangka at lumangoy sa gitna ng malaking lawa. |
| _____ | _____ | 14. Ang pampasaherong dyip at traysikel ay nakaparada sa labas. |
| _____ | _____ | 15. Si Ginoong Franco ay dumaan sa opisina at kinausap ang mga empleado niya. |